

SB File

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-23 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP 30 HUNYO 2003, IKA-9.10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Balicos
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Llorita
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemar C. Montesa
Konsehal King Philip B. Dimapilis

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay
- Pangulo, Pambayang Federasyon
ng Sangguniang Kabataan

Absent: Konsehal Eduardo K. Soriano

KAPASYAHAN BLG. 058
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG MATAOS AT MALIGAYANG
PAGBATI SA KAPATIRANG IGLESIA NI CRISTO SA PAGDIRIWANG
NG KANILANG IKA-89 TAONG PAGKAKATATAG SA HULYO 27,
2003.



SAPAGKAT, ang pagkakatatag ng isang samahan o organisasyon, sibiko man o pang-relihiyon ay isang napakahalagang kaganapan na ang taun-taong pagdiriwang ay ginugunita at ipinagkasaya ng mga kasapi ng samahan;

SAPAGKAT, ang qanitong taunang pagdiriwang, isang tradisyong Pilipinong lalong nagpapatibay sa pagsasama at pagkakabuklod-buklod ng mga miyembro;

SAPAGKAT, higit na nagiging masaya at makabuluhan kung ang inaalaala ay tulad sa anibersaryo ng Kapatirang Iglesia ni Cristo na sa buwang ito'y magdiriwang ng kanilang ika 89 na taong pagkakatatag;

SAPAGKAT, sa pagdiriwang na ito ng Kapatirang Iglesia ni Cristo, ang pamunuan ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikisa sa gaganaping pag-aalaala sa natatanging araw at umaasang ang pagpapala ng Panginoon ay lagi nilang makamit sa kanilang mga gawain sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos.

DAHIL DITO, sa mungkahi nina Konsehal Angeles D. Bautista at Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat -



IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ng Sangguniang Bayan ng Roxas at ng mga namumuno ng bayang ito ang lauspuso at maligayang pagbati sa Kapatirang Iglesia ni Cristo sa pagdiriwang ng ika-89 taong pagkakatatag ng kanilang samahan.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Ministro Daniel A. Terrago, Ministro Raul Octavio, Ministro Ernesto Opalla, Ministro Solomon Patrimonio at Ministro Ricardo Fainsan, lahat sa bayan ng Roxas, Silongang Mindoro para sa kanilang kawalan at sanggunian.

Pinaglibay. 30 Hunyo 2003


PINATUTUNAYANG WASTO.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan